

5 Bagay na Dapat Mong Malaman Tungkol sa Diskriminasyon Batay sa Kapansanan

- 1 Ipinagbabawal ng Batas Laban sa Diskriminasyon (Law Against Discrimination, LAD) ng New Jersey ang diskriminasyon o panliligalig batay sa iyong aktuwal o pinaghihinalaang kapansanan sa pabahay, trabaho, at mga lugar ng pampublikong akomodasyon.** Maaari kang [maghain ng reklamo](#) sa Dibisyon sa Mga Karapatang Sibil (Division on Civil Rights, "DCR") kung nahaharap ka sa diskriminasyon o panliligalig mula sa mga tagapagbigay ng pabahay, employer, katrabaho, opisyal ng pulisya, tindero, at higit pa.
- 2 Ang LAD ay tumutukoy sa kapansanan nang mas malawak kaysa sa Batas sa Mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA).** Ang kapansanan sa EA sa ilalim ng LAD ay kinabibilangan ng anumang pisikal na kapansanan o karamdaman na dulot ng karamdaman, pinsala, o depekto sa kapanganakan, at anumang kapansanan sa pag-iisip, sikolohikal, o pag-unlad na pumipigil sa karaniwang paggamit ng anumang gawain at maaaring kumpirmahin ng isang medikal na propesyonal. Ang LAD ay hindi nangangailangan ng isang kondisyon upang makabuluhang limitahan ang isa o higit pang mga pangunahing aktibidad sa buhay upang ituring na isang kapansanan. Ang mga kapansanan ay maaaring permanente, pansamantala, o hindi malala.
- 3 Ipinagbabawal ng LAD ang diskriminasyon batay sa aktuwal o pinaghihinalaang kapansanan.** Nangangahulugan ito na protektado ka kahit na maling ipagpalagay ng iba na ikaw ay may kapansanan o ikaw ay nahaharap sa diskriminasyon batay sa nakaraang kapansanan. Halimbawa, hindi maaaring tumanggi ang isang hotel na i-host ka dahil naniniwala silang may kapansanan ka.
- 4 Hindi ka maaaring maligalig dahil sa iyong kapansanan.** Maaaring kabilang sa panliligalig dahil sa kapansanan ang mainsulto, makutya, mahipuan, o matrato nang naiiba dahil sa iyong kapansanan. Ang mga superbisor, sa konteksto man ng trabaho, pabahay, o mga lugar na bukas sa publiko, ay dapat gumawa ng aksiyon upang matugunan ang naturang panliligalig.
- 5 Ang mga proteksiyon ng LAD para sa kapansanan ay nalalapat sa mga taong may sakit sa paggamit ng sangkap o alkohol.** Nangangahulugan ito na ang hindi ka maaaring idiskrimina o tanggalin ng isang employer dahil lamang sa dati kang nakatanggap ng paggamot para sa pagkaadikto o kasalukuyang nasa isang programa ng paggaling. Gayunpaman, ang kaswal o panlibangang paggamit ng mga kinokontrol na sangkap at alkohol ay hindi itinuturing na isang kapansanan at hindi protektado sa ilalim ng LAD.

Upang malaman ang higit pa o upang maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa 1.833.NJDCR4U. Ipinapatupad ng Dibisyon sa Mga Karapatang Sibil (Division on Civil Rights, DCR) ang LAD, na nagpoprotekta sa lahat ng tao mula sa diskriminasyon sa NJ anuman ang katayuan sa imigrasyon. Upang malaman ang higit pa, i-click [dito](#).

Pinoprotektahan ka ng LAD laban sa paghihiganti. Walang sinuman ang maaaring gumanti sa iyo para sa pag-uulat ng mga posibleng paglabag sa LAD; paghahain ng reklamo sa diskriminasyon sa loob, sa DCR, o sa korte; o paggamit ng anumang iba pang mga karapatan sa ilalim ng LAD.

Available sa iba pang mga wika sa [Seksiyon ng mga mapagkukunan](#) ng website ng DCR.

Upang malaman ang higit pa o upang maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa **1.833.NJDCR4U**



Tanggapan ng Abogadong Heneral ng NJ

NJCivilRights.gov



**DIVISION ON
NJ CIVIL RIGHTS**
@CivilRightsNJ #CivilRightsNJ #StandUpAgainstHate



03/11/2024